Mag-aral ng Ingles

Pagtuturo ng Wika para sa mga Bagong Dating sa Canada [Language Instruction for Newcomers to Canada (LINC)]

Sa oras na dumating ka sa Rehiyon ng Peel at nais mong mag-aral ng Ingles, maaari kang mag-aplay para kumuha ng klase para sa Language Instruction for Newcomers to Canada (LINC). Ang mga LINC na klase ay libre at nagagamit para sa bawat adulto sa iyong pamilya, hindi lamang sa taong maaaring naghahanap ng trabaho.

Ang mga klaseng ito ay ibinibigay sa iba't-ibang mga lugar sa buong Rehiyon ng Peel ng mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga organisasyong ispesipiko sa etniko, sa Lupon ng Paaralan ng Dufferin-Peel na Katolikong Distrito (Dufferin-Peel Catholic District School Board) at sa Sheridan College.

Ang mga klaseng ito ay:

- Libre sa mga adultong kwalipikado
- Ibinibigay ng full-time at part-time, sa katapusan ng bawat linggo at sa mga gabi
- Nagbibigay ng libreng pangangalaga sa bata habang ikaw ay pumapasok sa mga klase
- Maaaring magbigay ng transportasyon

Ang mga mamamayan ng Canada at mga refugee claimant (nagsasakdal na nangigibang bayan) ay hindi karapat-dapat para sa LINC.

Pag-aaral sa Bahay ng LINC

Ito ay isang libreng programa ng pagsasanay sa wika para sa mga bagong dating sa Canada na hindi makadalo sa pang-silid-aralang mga programa dahil sa ilang mga kadahilanan. Ikaw ay maaaring mag-aral sa iyong bahay at magkaroon ng kontak sa isang guro bawat linggo.

Upang maging kwalipikado sa Pag-aaral sa Bahay ng LINC, ikaw ay kinakailangang:

- Magkaroon ng pagtatasa ng mga kakayahan sa wikang Ingles
- Maging 17 gulang o mas matanda
- Maging alin sa isang permanenteng residente o isang bagong dating na pinayagang manatili sa Canada, na kung kanino binabalak na ipagkaloob ng Pagkamamamayan at Imigrasyon Canada (Citizenship and Immigration Canada) ang isang estado ng permanenteng residente at hindi pa nagiging isang mamamayan ng Canada (Canadian citizen).

Mahalagang tandaan na ang mga mamamayan ng Canada at ang mga refugee claimant (nagsasakdal na nangigibang bayan) ay hindi karapat-dapat para sa LINC.

Saan maaaring makapagpatasa ng iyong kasalukuyang mga kakayahan sa wikang Ingles

Upang mapatasahan ang iyong kasalukuyang mga kakayahan sa wikang Ingles bago magsimula ng isang klase ng LINC, kontakin lamang ang Peel Language Assessment Centre para makapagpa-iskedyul ng isang appointment.

Ang pagtatasa sa wika ay hindi isang pagsusulit ng pagpasa at pagbagsak. Ito ay isang paraan upang alamin kung aling klase ang magiging pinaka-kapakipakinabang para sa iyo.

Pagkatapos ng iyong pagtatasa, ikaw ay makakatanggap ng impormasyon tungkol sa kung kailan at kung saan magpaparehistro at kung anong paaralan ang iyong papasukan.